

IMPORMASYON NG SNAP (MGA SELYO NG PAGKAIN) PARA SA MGA INDIBIDWAL AT PAMILYA NA NAAPEKTUHAN NG MGA KAMAKAILANG SUNOG SA KAGUBATAN

PAGPAPAUBAYA NG MAINIT NA PAGKAIN

- **Kanino ito nalalapat:** Sinuman na tumatanggap ng mga benepisyong SNAP
- **Kailan:** 8/16/23 – 10/14/2023
- **Ano:** Inaprubahan ng Kagawaran ng Agrikultura ng E.U. ang isang pansamantalang pagpapaubaya na magpapahintulot sa mga kalahok ng SNAP sa Hawaii na bumili ng mga maiinit na pagkain kasama ng kanilang mga benepisyong SNAP. Sa ilalim ng normal na mga pangyayari, ang mga maiinit na pagkain ay hindi mabibili gamit ang mga benepisyong SNAP ngunit maaari na sa pamamagitan ng tagal ng pansamantalang pagpapaubaya na ito. Maaaring mabili ang mga maiinit na pagkain sa mga awtorisadong nagbebenta ng SNAP.

PAGPAPALIT NG SNAP

- **Kanino ito nalalapat:** Ang mga nakatanggap ng SNAP bago ang mga sunog sa kagubatan, nakatira sa isa sa mga lugar na ito na ito ang kodigo ng zip ay (Hawaii Island: 96743, 96755; Maui: 96753, 96761, 96768, 96788, 96790), AT nawalan ng pagkain na binili gamit ang mga benepisyong SNAP dahil sa mga sunog sa kagubatan
- **Kailan:** Ang huling araw para mag-apply ay sa 9/15/23
- **Ano:** Ang mga indibidwal at pamilya na nawalan ng pagkain na binili gamit ang mga benepisyong SNAP dahil sa kamakailang mga sunog sa kagubatan ay maaaring mag-aplay para sa mga karagdang benepisyong upang palitan ang mga pagkain na nasira. Ang halaga ay maaaring hindi lumampas sa halaga ng buwanang benepisyong indibidwal o pamilya para sa buwan ng Agosto. Para mag-aplay, tawagan ang Linya ng Impormasyon sa Pamublikong Tulong 1-855-643-1643 o bisitahin ang sentro ng pagproseso sa iyong lugar. Ang address para sa

Sentro ng Pagproseso ng Maui ay sa 54 High St. #125 Wailuku, HI 96793, fax # 808-984-8333 at mag-email sa MauiPC@dhs.hawaii.gov.

SNAP NG KALAMIDAD

- **Kanino ito nalalapat:** Ang mga nakatira o nagtatrabaho sa isa sa mga lugar na ito ang kodigo ng zip ay(Kula: 96790; Lahaina: 96761, 96767), ay may mga kwalipikadong gastos na may kaugnayan sa kalamidad, AT nakakatugon sa mga limitasyon ng kabuuang kita ng kalamidad. Kasama sa mga gastos na nauugnay sa kalamidad ang mga bagay tulad ng pagkukumpuni sa bahay o negosyo; pansamantalang tirahan at mga gastos sa paglikas; libing na may kaugnayan sa sakuna, pagsakay sa alagang hayop, at mga gastos sa medikal; pagpapalit ng mga kinakailangang personal na bagay, tulad ng damit, kagamitan, kasangkapan, at materyal na pang-edukasyon; gastos sa paglilinis; mga gastos sa imbakan; o pagkawala ng pagkain. Maraming sambahayan na maaaring hindi karapat-dapat sa ilalim ng normal na mga panuntunan ng SNAP ay maaaring maging kwalipikado para sa SNAP ng Kalamidad *kabilang ang mga hindi karapat-dapat para sa regular na SNAP dahil sa pagkamamamayan o katayuan sa imigrasyon.*
- **DHS website:** <https://humanservices.hawaii.gov/blog/hawaii-disaster-snap-program-launches-monday-september-18-2023/>
- **Kailan:** Mula 9/18/23 – 9/23/23. Ang mga aplikasyon ay nakaiskedyul ayon sa alpabeto batay sa unang titik ng apelyido ng aplikante. Upang malaman ang mga nakaiskedyul na petsa para sa aplikasyon, pumunta sa website ng DHS na nakalista sa itaas. Kung hindi ka makakadalo sa araw na itinalaga para sa iyong apelyido, maaari kang dumalo sa ika-23.

Petsa	Unang Letra ng Apelyido
Lunes, Setyembre 18, 2023	A-J
Martes, Setyembre 19, 2023	Ka-Ke
Myerkules, Setyembre 20, 2023	Ke-Ku
Huwebes, Setyembre 21, 2023	L-P
Byernes, Setyembre 22, 2023	Q-Z
Sabado, Setyembre 23, 2023	Pag-apaw para sa mga hindi nakadalo sa itinalaga na araw.

- **Saan:** Maui – Hyatt Regency Maui Resort (200 Nohea Kai Drive, Lahaina, HI 96761) mula 8:00nu – 6:00nh. Kung maaari, magdala ng patunay ng pagkakakilanlan tulad ng litrato ng ID, dalawang dokumentong nagpapatunay ng pagkakakilanlan at paninirahan, o isang nilagdaang pahayag mula sa isang taong makapagpapatunay sa iyong pagkakakilanlan.
- Upang malaman kung saan mag-a-aplay sa Oahu, Kauai, Molokai, o Isla ng Hawaii, pumunta sa website ng DHS na nakalista sa itaas.
- **Ano:** Kung kwalipikado ka, bibigyan ka ng mga pondo upang tumulong na matugunan ang iyong mga pangangailangan sa pagkain sa loob ng 30 araw sa isang kard ng Elektronikong

Paglilipat ng Benepisyo (EBT). Ang mga sambahayan na nakakatanggap na ng SNAP sa oras ng mga sunog sa kagubatan ay hindi kwalipikado para sa SNAP ng Kalamidad ngunit awtomatikong makakatanggap ng karagdagang benepisyo ng SNAP upang dalhin ang kanilang buwanang benepisyo sa pinakamataas na halaga batay sa laki ng kanilang sambahayan. Upang matuto nang higit pa tungkol sa mga limitasyon ng kabuuang kita at ang halaga ng benepisyo para sa laki ng iyong sambahayan, pumunta sa website ng DHS na nakalista sa itaas.

NORMAL NA SNAP (Hindi nauugnay sa Kalamidad)

- **Kanino ito nalalapat:** Mga kabahayan na mababa ang kita at nangangailangan
- **Kailan:** Ang Kagawaran ng Mga Serbisyong Pantao ng Estado ng Hawaii ay patuloy na kinukuha ang mga aplikasyong ito sa patuloy na batayan.
- **Ano:** Ang Programa ng Tulong sa Pandagdag sa Nutrisyon ay tumutulong sa mga kwalipikadong sambahayan na may mababang kita na bumili ng pagkain. Ang mga benepisyo ng SNAP ay inilalagay sa isang kard ng Elektronikong Paglilipat ng Benepisyo (EBT) bawat buwan. Maaaring gamitin ang SNAP sa anumang tindahan ng groserya. Kakailanganin mong matugunan ang ilang partikular na limitasyon sa kita upang maging kwalipikado. Maaari kang mag-aplay sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-855-643-1643, pagbisita sa kanilang lokal na sentro ng pagproseso o sa pamamagitan ng pag-aplay online sa pais-benefits.dhs.hawaii.gov.

PAGPAPALIT ANG EBT CARD

- Para mag-aplay, tawagan ang Linya ng Impormasyon sa Pampublikong Tulong 1-855-643-1643 o bisitahin ang sentro ng pagproseso sa iyong lugar. Ang address para sa Sentro ng Pagproseso ng Maui ay sa 54 High St. #125 Wailuku, HI 96793, fax # 808-984-8333 at email MauiPC@dhs.hawaii.gov.